



Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Bulacan  
**BAYAN NG MARILAO**

# Tanggapan ng Punong Bayan

## ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 07

### NAG-AATAS SA PAGLIKHA NG “TRICYCLE TASK FORCE (TTF)” SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

**SAPAGKAT**, alinsunod sa itinatakda ng *Republic Act No. 7160* na mas kilala bilang *Local Government Code of 1991*, ang bawat Lokal na Yunit ng Pamahalaan ay dapat gamitin ang kaniyang kapangyarihan na mangasiwa sa operasyon ng mga traysikel at/o pedicab sa kanilang nasasakupan, gayundin ang pagbibigay ng prangkisa para sa operasyon ng mga ito;

**SAPAGKAT**, kinikilala ng Pamahalaang Bayan ng Marilao ang saklaw na industriya ng traysikel hindi lamang upang matugunan ang biyaheng pampubliko kundi pati na rin ang kapayapaan, pampublikong kaligtasan at kaayusang pangtrapiko sa lahat ng nasasakupan nito;

**SAPAGKAT**, alinsunod sa itinatatadhana ng *Memorandum Circular No. 2020-036* ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, ang lahat ng lungsod at munisipalidad ay inaatasan na lumikha ng kani-kanilang *Tricycle Task Force*;

**NGAYON, SAMAKATWID**, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

**SEKSYON 1. PAGLIKHA NG “TRICYCLE TASK FORCE”**. - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay nililikha ang *Tricycle Task Force (TTF)* para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

- Tagapangulo :** **IGG. RICARDO M. SILVESTRE**  
Punong Bayan
- Pangalawang Tagapangulo :** **LT. COL. AMADO A. MENDOZA, JR.**  
PNP - Marilao
- Kasapian :** **IGG. ORESTES L. JACINTO**  
Tagapangulo, SB Lupon sa Transpostasyon
- IGG. ARNOLD T. PAPA**  
Tagapangulo, SB Lupon ng Kapayapaan at Kaayusan
- G. WILFREDO D. DIAZ**  
Pambayang Tagapangasiwa
- G. FROILAN R. ANGELES**  
Kawaksing Tagapagpaganap
- G. MARTIN ARMANDO C. CRUZ**  
Pambayang Tanggapan ng Pahintulutan  
at Paglilisensya ng Negosyo / *Tricycle Regulatory Unit*
- G. ROGELIO C. PASCUAL**  
Pambayang Tanggapan sa Pagpapalano at Pagpapaunlad
- F/SINSP. JACKY L. NGINA**  
BFP - Marilao
- PPSg MARVIN MIJARES**  
TMU Supervisor, PNP - Marilao
- KINATAWAN MULA SA DOTr (LTO o LTFRB)**





Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Bulacan  
**BAYAN NG MARILAO**

# Tanggapan ng Punong Bayan

**Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 07**

Nag-aatas sa Paglikha ng "Tricycle Task Force (TTF)"  
sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan  
Pahina 2 ng 3

**Kalihiman** : **ATTY. RAUL M. CHAN**  
Pambayang Abogado

**SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSABILIDAD.** - Ang *TTF* ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

- Magsagawa ng mga pagpupulong, pampublikong konsultasyon at pagdinig, pagbisita at pag-inspeksyon sa mga sona o lugar ng operasyon ng mga traysikel sa bayan ng Marilao na nakatuon sa mga sumusunod:
  - Isakatuwiran ang mga itinakdang ruta ng byahe ng lahat ng traysikel at pedicab upang masiguro na sila ay makaiwas na makapasada sa mga pambansang lansangan;
  - Kilalanin ang mga pambansang lansangan at kalsada sa mga nasasakupang lugar; at
  - Magpanukala ng mga bahagi ng *national highway* na siyang gagawing *Tricycle Lane* kung walang alternatibong ruta na magagamit.
- Magbalangkas at mag-update ng itinakdang *Tricycle Route Plan (TRP)* sa loob ng tatlong (30) araw simula sa pagpapalabas ng Atas na ito, na siyang magiging batayan ng mga kasunod na pagtitibaying kautusan ng Sangguniang Bayan. Ang *TRP* ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

#### *Schematic Map*

- Ang lahat ng lokasyon at lugar ng mga terminal at ruta ng traysikel na pinahihintulutan ng Pamahalaang Bayan;
- Ang mga pambansang lansangan sa loob ng nasasakupan ng Pamahalaang Lokal na may mga bumabagtas na mga *4-wheel* na sasakyan o mas malaki pa, lumalagpas sa apat (4) na tonelada at sa *normal speed* na hindi hihigit sa *40kph*; at
- Ang bahagi ng pambansang lansangan na pinapayagang gamitin bilang *tricycle lane* para sa kakulangan ng alternatibong ruta.

#### *Mga Detalye ng Tricycle Route Plan*

- Paglilagay ng mga naaangkop at madaling makitang *signages*, marka sa linya at iba pang mga gabay pangkaligtasan upang maprotektahan ang lahat ng mga sasakyang gumagamit ng pambansang lansangan;
  - Pagpapakalat ng mga impormasyon upang madagdagan ang kaalaman at kamalayan ng mga residente at iba pang motorista hinggil sa bahagi ng pambansang lansangan na pinapayagang gamitin bilang *tricycle lane* dahil sa kakulangan ng alternatibong ruta;
  - Paglilagay ng kulay o nakikitang sagisag sa mga traysikel na pinapayagang bumagtas o lumipat sa pambansang lansangan;
  - Panukalang kaparusahan at pagmumulta sa sinumang lalabag; at
  - Pagpapatupad ng *Speed Limit Enforcement* sa mga pambansang lansangan.
- Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan.





Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Bulacan  
**BAYAN NG MARILAO**

# Tanggapan ng Punong Bayan

## Atas Tagapagpaganap Blg. 2020 - 07

Nag-aatas sa Paglikha ng "Tricycle Task Force (TTF)"  
sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan  
Pahina 3 ng 3

**SEKSYON 3. PANAHON NG BISA NG TRICYCLE ROUTE PLAN (TRP).** Ang *TRP* ay may bisa sa loob ng dalawang (2) taon mula sa pagkakatatag nito. Ang Pamahalaang Bayan ng Marilao ay inaasahan din na nakagawa na nang mga kinakailangang imprastruktura alinsunod sa plano na may gabay ng *DILG MC No. 2020-036 II (C)* na may petsang Pebrero 17, 2020.

**SEKSYON 4. PAGPUNO SA BAKANTE.** Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *TTF* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng ahensya, organisasyon at/o ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay *ipso facto* na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

**SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY.** Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

**SEKSYON 6. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO.** Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

**SEKSYON 7. PAGKAKABISANG SUGNAY.** Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

**NILAGDAAN** sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**27** ng **Pebrero**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) **RICARDO M. SILVESTRE**  
Punong Bayan

